ENERO 2023, ISYU 5

# ALTA CONNECTIONS

**Tatluhang-Buwan na Newsletter ng Kliyente, Tagabigay ng Serbisyo, at Update sa Kawani**







Higit pa sa aming **itinatampok na artisan Matt Duff-Kelly** pg. 9

## MENSAHE NG EXECUTIVE DIRECTOR

*Executive Director Lori Banales*

Sa paglipas ng 2022 at sa pagsalubong natin sa bagong taon, gusto kong samantalahin ang pagkakataong ito para pag-isipang muli ang sama-samang mga nagawa ng aming pamilya ng kawani, kliyente, tagapag-alaga, bendedor, at kasosyo sa komunidad ng ACRC.

Sama-sama, ang pangkat na ito ay naglaan ng kanilang oras at pananaw upang lumikha at magpatupad ng mga inisyatiba na nagpapaunlad sa mga resultang nakasentro sa tao. Gaya ng naunang nabanggit, ang ACRC ay nagpatibay ng isang Istratehikong Plano na nakatuon sa Pabahay, Pagtatrabaho, Mga Suporta sa Kliyente at Pamilya, at Pagsasama at Pakikipag-ugnayan sa Komunidad. Sa loob ng planong ito ay may mga natukoy na aktibidad na nauugnay sa Kontrata ng Pagganap ng aming mga ahensya na may layuning isaayos ang aming pagtuon at pagsisikap upang mapakinabangan ang mga resulta. Ang mga dokumentong ito ay nagtatakda ng mga priyoridad na gumagabay sa trabaho ng ating ahensya, isang mapa ng daan kung baga. Nais kong ibahagi ang ilan sa mga gawaing isinagawa sa larangan ng pabahay nitong nakaraang taon.

ACRC Strategic Plan -
https://www.altaregional.org/post/acrc-strategic-plan-0
Kontrata sa Pagganap ng ACRC -
https://www.altaregional.org/post/performance-contract-0

Ipinagpatuloy pg. 2

### ANO ANG NASA LOOB NG ISYU NA ITO:


- MENSAHE MULA KAY ED
- SPOTLIGHT NG KLIENTE
- SULOK NG KLINIKA
- SULOK NG KLIYENTE
- ARAW NI SANTA 2022
- KOORDINADONG UPDATE SA PAGPAPLANO SA HINAHARAP
- MGA UPDATE SA MAPAGKUKUNAN
- ACRC BASE SA MGA NUMERO TAMPO NA PROFILE NG ARTISAN

# MENSAHE NG EXECUTIVE DIRECTOR - PINAGPATULOY

*Executive Director - Lori Banales*

Sa pamamagitan ng aming mga aktibidad na nauugnay sa Coordinated Future Planning (Koordinadong Pagpaplano sa Hinaharap), nakabuo kami ng isang kurikulum sa pagsasanay at mga nauugnay na materyales sa pagpaplano para sa paghalili ng tagapag-alaga na nagsasama ng mga eksperto sa paksa (mga kliyente, miyembro ng pamilya, kawani) bilang mga tagapag-unlad at bilang mga nagtatanghal. Ang pagtanggap sa pakikilahok at mga pananaw ng aming komunidad ay nagpayaman sa karanasan sa pagsasanay. Bukod pa rito, itinuon ng Client Advisory Committee (CAC) (Komite ng Tagapayo sa Kliyente)ang kanilang gawain sa komite upang suportahan ang pabahay sa pamamagitan ng paglikha ng nilalamang video na naglalarawan sa pagpapatuloy ng mga pagpipilian sa pamumuhay. Ang mga video na ito ay magagamit upang suportahan ang mga pangkat sa pagpaplano sa pamamagitan ng mga talakayan sa opsyon sa pamumuhay habang sila ay bumubuo ng mga plano ng paghalili at tinutukoy ang nais na kaayusan sa pamumuhay sa hinaharap. Nakatuon ang unang video sa malayang pamumuhay at naka-post sa aming website. Ikinagagalak kong ibahagi na ang paggawa at producksyon ng pelikula at paggawa ng video na ito ay nakumpleto ng mga kliyenteng pinaglilingkuran at nagtatrabaho sa Futures Explored/Futures Films. Mayroong ilang mga layunin sa ilalim ng Housing Focus Area (Lugar ng Pokus sa Pabahay) kung saan patuloy nating tinutuon ang ating mga pagsisikap. Nitong nakaraang taon, ang ACRC ay naging miyembro ng Lanterman Housing Alliance (Alyansa sa Pabahay ng Lanterman) at patuloy na nililinang ang mga pakikipagtulungan sa mga tagapag-unlad ng pabahay upang madagdagan ang bilang ng mga side-aside na yunit sa ating sampung lugar ng county catchment. Kasalukuyan kaming may dalawang naaprubahang proyekto (Sacramento at Elk Grove) at naghahanap kami na magdagdag ng dalawa pa sa susunod na taon sakaling matanggap namin ang naaprubahang pagpopondo (Woodland at Lake of the Pines). Patuloy kaming nangongolekta ng datos na nauugnay sa proseso ng pagpaplano ng paghalili na tungkol sa mga hindi natutugunan na pangangailangan at ginagamit ito para sa naka-target na pag-unlad ng mapagkukunan na may ideya na pagdating ng panahon, ang nais na serbisyo ay magagamit.

Bukod pa rito, nakipagkontrata ang ACRC sa isang bendedor ng Housing Access Service (Serbisyo sa Akses sa Pabahay) upang tulungan ang mga kliyente sa pag-ubos ng lahat ng magagamit na voucher at mapagkukunan. Sinusuportahan din namin ang isang masiglang pangkat ng mga magulang na gustong makisali sa lokal na antas upang isama ang mga taong may kapansanan sa pag-unlad sa plano ng pabahay ng kanilang county. Gamit ang puna ng komunidad, bumuo kami ng isang Plano sa Pag-unlad sa Mapagkukunan sa Komunidad (Community Resource Development Plan) upang isama ang isang kahilingan sa pagpopondo para sa isang tauhan na Nabigador sa Pabahay (Housing Navigator). Ang posisyon na ito ay idinisenyo upang itaguyod ang pag-access sa mga independiyente, nakabatay sa komunidad na mga opsyon sa pabahay at upang mag-layag sa proseso ng aplikasyon ng pabahay.

Ito ay isang pangkalahatang-ideya ng gawaing nangyayari sa sentrong pangrehiyon at ang gawaing ito ay magpapatuloy at uunlad sa pagdating ng 2023. Ang pag-unlad sa lahat ng bahagi ng Istratehikong Plano ay iuulat sa Lupon ng mga Direktor sa loob ng unang-katlo ng bagong taon habang ang datos ng nakaraang taon ay nai-download at maaari nang magamit. Inaasahan namin ang pagbabahagi ng higit pa at pag-aaral kung paano lumikha ng pinakamahusay na mga oportunidad at suporta para sa mga nagsisilbi sa ACRC! MALIGAYANG BAGONG TAON!

# NAGDAOS NG MICROENTERPRISE FAIR ang ACRC



Noong Nobyembre 30, 2022, nagdaos ang ACRC ng Microenterprise Fair sa tanggapan ng Sacramento. Mayroon kaming mahigit isang dosenang kliyente sa sentrong pangrehiyon na nagmamay-ari ng maliliit na negosyong nagbebenta ng sining, likhangsining, mga hinurnong pagkain, at marami pa. Sa paglabas mula sa pandemya ng COVID, inaasahan namin ang pagsasagawa ng higit pang mga kaganapan tulad nito.











## MALUGOD NAMING TINATANGGAP SA KAWANI SA KLINIKA SI SHANNON WILLOUGHBY DENTAL NA TAGAPANGASIWA



Si Shannon Willoughby ay may 13 taong karanasan sa pagtatrabaho sa larangan ng kalusugan sa ngipin at bibig. Bilang karagdagan sa pagiging isang rehistradong dental hygienist, mayroon siyang Bachelor's degree sa Dental Hygiene. Ang kanyang malawak na karanasan sa direktang pangangalaga, mga kasanayan sa pangangasiwa at kaaya-ayang personalidad ay akma para sa pagsuporta sa mga kliyenteng pinaglilingkuran namin sa pagdagdag ng access sa kalidad at napapanahong pangangalaga sa ngipin.

## PINANGUNAHAN NG ACRC ANG PAGSUSUMIKAP NA BUMUO NG MGA MAPAGKUKUNAN PARA SA PAGSASANAY SA MGA TAGABIGAY NG SERBISYONG PANG-ADULTO UPANG GAMITIN ANG MGA KASANAYAN SA PAGTUTURO NA NAKABATAY SA EBIDENSYA.

Alam mo ba na lahat ng 21 rehiyonal na sentro ay may mga empleyado na bahagi ng California Autism Professional Training & Information Network (CAPTAIN)?

Bilang bahagi ng kanilang partisipasyon sa CAPTAIN, ang kadre ng rehiyonal na sentro ay nakatalaga sa pagbabahagi ng impormasyon at pagbibigay ng pagsasanay sa Autism at mga kasanayan na batay sa ebidensya (evidence-based practices o EBPs) sa loob ng kanilang mga lokal na komunidad. Noong 2019, ang pangkat ng sentrong pangrehiyon na CAPTAIN ay binigyan ng gawad para suportahan ang gawaing ito. Pinondohan ng gawad na ito ang proyekto ng CAPTAIN Adult Resources and Evaluation, na kilala rin bilang proyekto ng CARE. Ang mga pangunahing layunin ng proyekto ng CARE ay dagdagan ang kaalaman ng tagabigay ng serbisyo at paggamit ng mga kasanayang nakabatay sa ebidensya upang mapabuti ang mga resulta ng serbisyo at pangkalahatang kalidad ng buhay para sa mga taong pinaglilingkuran.

Ang mismong Autism Specialist ng ACRC, si Mary Rettinhouse, na nasa lupon ng ehekutibang pamumuno sa loob ng CAPTAIN ay lumahok sa pagbuo ng mga bagong mapagkukunan ng pagsasanay at nagsilbi bilang nag-iisang tagapagsanay para sa proyektong ito. Tatlong residensyal na pasilidad sa buong estado ang napili upang makatanggap ng parehong didaktikong pagsasanay gayundin ng limang linggo ng patuloy na pagtuturo. Sa kabuuan 8 kawani at 7 kliyente ang lumahok sa proyekto ng CARE. Sa pangkalahatan, 92% ng mga layunin ng kliyente ang naabot o nalampasan at ang mga tagabigay ay nadagdagan ang kanilang kaalaman at paggamit ng mga EBP. Upang palakihin ang proyektong ito, ang bawat sentrong pangrehiyon ay nagtakda ng layunin na gamitin ang mga module ng pagsasanay ng EBP sa kanilang mga komunidad ng tagabigay ng serbisyo at sa pagtatapos ng 2022, 12 sa 21 ang makakamit na umabot sa mahigit kalahati ng ating estado!



Mary Rettinhouse, MS, BCaBA
Autism Spectrum Disorder Clinical Specialist

CAPTAIN
California Autism Professional Training and Information Network
ccee California Collaborative for Educational Excellence
Making Implementation Happen. Bridging the Research to Practice Gap.

# PAGBIBIGAY NG KAPANGYARIHAN SA PANSARILING DETERMINASYON SA PAMAMAGITAN NG PAGPAPLANO SA PAUNANG PANGANGALAGA

COALITION FOR COMPASSIONATE CARE OF CALIFORNIA

Sa aming newsletter nitong Enero 2022, iniulat namin na ang Alta California Regional Center (ACRC) ay nakipagsosyo sa Coalition for Compassionate Care of California (CCCC) sa pangalawang pagkakataon upang suportahan ang mga tagapangasiwa ng serbisyo sa mga talakayan ng pangkat ng pagpaplano na may kinalaman sa pagpaplano ng maagang pangangalaga at pagdodokumento ng mga kagustuhan ng tao sa kanilang Individual Program Plan (IPP) (Plano ng Indibdiwal na Programa) Sa pare-parehong paglahok at suporta ng Komite sa Pamamahala at Grupo ng Tagapayo, hiningi ang suhestiyon para mas maipaalam ang pagsasanay para sa mga tagapangasiwa ng serbisyo.

Noong Setyembre 13, 2022, ang mga tauhan ng CCCC: Judy Thomas, JD, CEO, Kristine Wallach, COO, at Keeta Scholl, Program Manager ay nagbigay ng malalim na pagsasanay na nakatuon sa mga paksa tulad ng: pagpaplano ng maagang pangangalaga, pag-unawa sa kultural na paningin ng isang tao, paggawa ng desisyon sa pangangalagang pangkalusugan, mga klinikal na pagsasaalang-alang at maramih pa! Ang aklat na Thinking Ahead – My Way, My Choice, My Life at the End ay na-update at naglalaman pa rin ng legal na kinikilalang Advance Health Care Directive (Paunang Direktiba sa Pangkalusugang Pangangalaga) na magagamit upang kumpletuhin ng isang taong pinaglilingkuran sa pamamagitan ng rehiyonal na sentro.

Mula noong pagsasanay, ang puna na natanggap ay positibo dahil ang mga tagapag-ugnay ng serbisyo ay nagpahayag ng pakiramdam na mas komportable na makisali sa mga talakayan sa maagang pagpaplano ng pangangalaga at pagdodokumento ng impormasyon sa IPP ng tao; samakatuwid, ang pag-alala sa mga kagustuhan ng isang tao kung sakaling sila ay mawalan ng kakayahan at hindi maipahayag ang kanilang mga pagnanasa kapag ang isang napapanahong desisyong medikal ay gagawin para sa kanila.

Dahil ito ay isang pilotong proyekto, ang ACRC at ang aming kapatid na sentro, ang Valley Mountain Regional Center (VMRC) ay lumahok sa mga yugto ng pagpaplano ng pagsasanay. Ang mga susunod na hakbang ay kinabibilangan ng CCCC na humihingi ng karagdagang mga gawad na pananalapi upang suportahan ang pagpapalawak ng proyekto sa 19 na natitirang mga sentrong pangrehiyon.

Isang kasiyahang makipagtulungan at makipagtrabaho muli sa CCCC at nagpapasalamat kami sa kanilang kadalubhasaan sa pagpaplano ng maagang pangangalaga, pag-aalaga sa pagtatapos ng buhay, at hilig na bigyang kapangyarihan ang mga kliyente ng sentrong pangrehiyon na may sariling pagpapasya sa maagang pagpaplano ng pangangalaga.

# ACRC SA ATING KOMUNIDAD – MGA KAWANI NAGDIWANG NG BAGONG TAON NG HMONG











## SULOK NG KLIYENTE




Nakumpleto ng Client Advisory Committee (Komite ng Tagapayo sa Kliyente) ang kanilang video para ipakita ang "buhay sa sarili kong tahanan". Ang video ay nagpapakita ng mga kliyente na tumatanggap ng mga serbisyo sa malayang pamumuhay, mga serbisyo na sumusuporta sa pamumuhay at mga kliyente na tumatanggap ng mga henerikong mga mapagkukunan at suporta upang mamuhay nang ligtas sa kanilang sariling tahanan. Ang layunin ng proyektong ito ay 1) dagdagan ang kamalayan sa mga opsyon sa pabahay at 2) dagdagan ang bilang ng mga kliyenteng naninirahan sa kanilang gustong pamumuhay. Pakibisita ang link na ito para mapanood ang https://youtu.be/mMI2iLsyuvY

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa CAC ng ACRC at isang listahan ng mga paparating na petsa ng pulong, mangyaring bisitahin ang aming website: https://www.altaregional.org/client-advisory-committee-cac.

## SPOTLIGHT SA KLIYENTE – ADAM NEBLETT



Hello, ang pangalan ko ay Adam Neblett. Ako ay 30 taong gulang at matagumpay na namamahala sa isang lokal na negosyo na tinatawag na, Red Dogg Walking Services. Itinayo ko ang negosyong ito sampung taon na ang nakalilipas. Inilalakad ko ang mga aso at pinapakain sila. Tinitiyak kong nakakatanggap sila ng sapat na ehersisyo, araw-araw. Ang aking mga kliyente, ang mga may-ari ng aso, ay naninirahan sa Freeport at Land Park na mga kapitbahayan sa Sacramento. Mayroon akong ilang mga kliyente na naninirahan sa downtown. Ang aking negosyo ay limitado sa mga kapitbahayan na ito dahil ipinagmamalaki ko ang pagbibigay ng magagandang serbisyo. Madali akong makakabiyahe sa mga lokasyong ito sa pamamagitan ng bisikleta, light rail o bus. Mayroon akong matatag na etika sa trabaho at pinasasalamatan ang aking ina na nagtanim nito sa akin. Tinuruan niya akong magtrabaho nang husto at maging isang "go-getter."

Ang Red Dogg Walking Services ay isang na negosyo na base sa tahanan. Nakatira ako at nagtatrabaho sa lugar na mahal ko. Nakatira ako sa parehong lokasyon mula noong 2010 at may kasama sa bahay. Tumatanggap ako ng In-Home Support Services (IHSS) at ang aking ama ay ang aking manggagawa sa IHSS. Mayroon akong isang sirkulo ng pamilya na masasandalan kapag kailangan ko ng mga solusyon. Mausisang tao ang aking ama at mahilig manggalugad ng mga bagay-bagay. Kapag naiipit ako, tinatanong ko ang aking sarili, "Ano ang gagawin ng aking ama sa sitwasyong ito?" Karaniwan akong nakakakuha ng sagot kapag huminto ako at nag-iisip. Bihira kang biguin ng mga hayop, ito ang dahilan kung bakit masigasig ako sa pag-aalaga sa kanila.

Sa aking bakanteng oras, nasisiyahan akong panoorin ang San Francisco 49ers na naglalaro ng football. Kapag nanalo sila, nanalo rin ako sa sobrang pagdiriwang ng kanilang mga tagumpay. Kung maibabalik ko ang nakaraan, gusto kong makilala si Dr. Martin Luther King. Nagtaguyod siya para sa pagbabago sa paraang hindi nakakasakit sa mga tao. Gusto ko ring makilala ang dating Pangulo ng Estados Unidos, si Barack Obama, parang ang saya niyang makasama. Gusto ko ring magkaroon ng pagkakataon ang aking ama na makilala si Tiger Woods. Mahilig maglaro ng golf ang tatay ko at gusto kong makilala niya si Tiger balang araw.

Kung nag-iisip ka tungkol sa pagsisimula ng isang negosyo, ito ang aking payo: Magkakaroon ng mga hamon habang pinalago mo ang iyong negosyo. Huwag sumuko, isang araw ay magiging isa kang batikang beterano.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa Red Dogg Walking Services, tumawag sa 916-548-8150.

## DREAM THEATER INC PUMASOK SA TAUNANG PARADA NA SYLVIA BESANA SA ROSEVILLE



Ang mga gumanap sa Dream Theater ay nagtanghal ng isang kanta para sa mga hurado at isang 1st place!
Para sa higit pang impormasyon tungkol sa Dream Theater bisitahin ang www.dtrocks.org











# KOORDINADONG INISYATIBO SA PAGPAPLANO SA HINAHARAP – UPDATE

Pagkatapos ng isang taon ng pag-unlad, ang Coordinated Future Planning Task Force ng ACRC ay naghatid ng apat na oras ng pagsasanay sa humigit-kumulang na 125 na mga tagapag-ugnay ng serbisyo at namamahala ng ACRC Ang mga pangunahing aspeto ng inisyatiba na ito ay kinabibilangan ng pagdodokumento ng plano ng paghalili ng tagapag-alaga sa pulong ng IPP para sa mga kliyenteng naninirahan kasama ng mga matatandang tagapag-alaga at nag-aalok ng isang hanay ng mga opsyon sa hinaharap na pamumuhay sa mga pulong ng pangkat ng pagpaplano. Ang pagsasanay na ito, na kadalasang inihahatid ng mga kliyente ng sentrong pangrehiyon, mga miyembro ng pamilya at mga tagabigay ng serbisyo ay tutulong sa mga tagapag-ugnay ng serbisyo sa pagkakaroon ng mahahalagang talakayang ito sa mga kliyente at pamilya.

Upang tingnan ang higit pang impormasyon at mga tala ng mga pagsasanay, mangyaring bisitahin ang: https://www.altaregional.org/post/coordinated-future-planning-cfp-training




Coordinated Future Planning CFP



Coordinated Future Planning CFP




Coordinated Future Planning CFP

# ALYANSA SA PABAHAY PARA SA MAY KAPANSANAN

Ang Disability Housing Alliance (DHA) (Alyansa ng Pabahay para sa may Kapansanan) ay isang bagong nabuong grupo ng mga magulang at organisasyon na nakatuon sa pagpaparami ng mga opsyon sa pabahay para sa mga taong may kapansanan sa intelektwal at pag-unlad (Intellectual and Developmental Disabilities o IDD). Kasama sa grupo ang Future For Our Kids, Alta California Regional Center (ACRC), State Council on Developmental Disabilities (SCDD), at Placer Independent Resource Services (PIRS), kasama ang maraming magulang. Ang Future For Our Kids (Kinabukasan ng Ating mga Kabataan) ay ang punto ng pakikipag-ugnayan para sa grupo at ito ay isang mapagkukunan ng Placer County para sa mga magulang ng mga bata na nasa edad ng transisyon at mga kabataan na may mga kapansanan sa intelektwal at pag-unlad na regular na nagtitipon upang talakayin ang pagpaplano ng isang buhay na may kalidad para sa mga batang nasa hustong gulang. Ang grupong ito ay makikipagpulong buwan-buwan sa Direktor ng Mga Serbisyo sa Komunidad ng ACRC bilang suporta sa patuloy na pagpapaunlad ng pabahay para sa mga kliyente ng ACRC. Upang sumali mangyaring mag-email sa futureforourkidsca@gmail.com

**Mga Layunin**:

- Upang magtatag ng isang grupo ng mga magulang at iba pa upang maging mga lokal na tagapagtaguyod para sa pagpapaunlad ng pabahay.
- Upang linangin ang mga kaalyado at kampeon sa komunidad kabilang ang mga lokal na opisyal, mga komisyon sa pagpaplano, mga organisasyon ng serbisyo, at iba pa.
- Upang makatulong sa pag-unlad ng pabahay na abot-kaya, sumusuporta, at siyang pinili ng indibidwal.




FUTURE FOR OUR KIDS

Housing Now

CALIFORNIA SCDD State Council on Developmental Disabilities

# MGA UPDATE SA MAPAGKUKUNAN SA PAG-UNLAD

Mga pagbabago sa mapagkukunan sa huling katlong-taon

## Mga Bagong Tagabigay ng Serbisyo

**PANLIPUNANG LIBANGAN/ SPORTS CLUB**
Dolphin Swim School Inc.

**TAGABIGAY NG PAGPAPLANO NA NAKASENTRO SA TAO**
Dekalidad na Serbisyo sa Buhay

**MGA SERBISYO SA DALUBHASANG TERAPYUTIKO**
RPK Forensic Psychological & Consultation Svs
(3 - 21)
RPK Forensic Psychological & Consultation Svs
(21 pataas)
Milotz Psychological Service Inc

**KLIYENTE/SUPORTA SA MAGULANG/UGALI INTVNT**
Early Days Autism Center

**MGA SERBISYO SA PAGPAPAYO**
Jessie Ott
The Next Step Therapy
Center for Holistic Psychology

**RES NA PASILIDAD PARA SA MGA MATANDA**
Cister's Loving Care Home II
Nicobella Home Care Inc.
Ella Rose Care
Bella Hills Care Home
Bestlife - Eastside
Vineyard Home Care Inc
Milestone Care Home Inc

**MANUNURI NG UGALI**
Moving Mountains LLC
Impact Behavior Analysis & Solutions

## Mga Bagong Gabay ng DDS na Nakaaapekto sa mga Programang Pang-araw, Mga Serbisyo sa Malayang Pamumuhay, Mga Serbisyo sa Pagtatrabaho at Iniangkop na Pang-araw na mga Serbisyo

Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pag-unlad ay naglabas kamakailan ng mga bagong Direktiba na may kinalaman sa libu-libong mga kliyente ng ACRC kung alin ang mga serbisyo ay binago sa panahon ng pandemya ng COVID-19. Ang mga direktiba na ito ay nagmamarka ng pagtatapos ng Mga Serbisyo sa Hindi Residensyal na Alternatibo mula Enero 1, 2023. Bukod pa rito, pinapayagan ng Departamento ang programang pang-araw, mga kahalintulad ng programang pang-araw, (tulad ng mga programa sa pagtatrabaho) at mga independiyenteng serbisyo sa pamumuhay na iibigay nang malayuan (sa pamamagitan man ng telepono o computer) hanggang Disyembre 31, 2023. Sa wakas, naglabas ang DDS ng mga dokumento upang gawing simple at may pamantayan ang proseso upang simulan ang Mga Iniangkop na Serbisyo sa Araw. Ang mga direktiba ng DDS sa mga sentrong pangrehiyon ay matatagpuan sa: https://www.dds.ca.gov/rc/regional-center-directives/. Inirerekomenda naming suriin mo ang sumusunod:

- 12/01/2022 Mga Alternatibong Serbisyo sa Hindi Residensyal
- 12/01/2022 Iniangkop na Pang-araw na mga Serbisyo
    - Enclosure A
    - Enclosure B
- 11/23/2022 Mga Malayuang Serbisyo – Mga Programang Pang-araw at Mga Serbisyo sa Malayang Pamumuhay

## Mga Saradong Tagabigay ng Serbisyo

**TRANSPORTASYON**
Med Star - Kahilingan ng Vendor

**PATOLOHIYA NG PANANALITA**
Stephanie Garo - Kahilingan sa Vendor


**RESIDENSYIAL**
Warner's Family Home #2 - Lumipat ang Pasilidad
Cadway Home - Lumipat ang Pasilidad

## KAILANGAN IBAHAGI – RESIDENTIAL SC MAHLET TAREKEGN

Ang pangalan ko ay Mahlet Tarekegn. Ipinanganak at lumaki ako sa Ethiopia, East Africa. Ang Ethiopia ay itinuturing na lugar ng kapanganakan ng kape at nasasabik akong ibahagi ang aking kultura at i-host ang Ethiopian na seremonya ng kape kasama ang aking mga kasamahan sa Alta Regional Center. Ang seremonya ng kape ng Ethiopia ay bahagi ng panlipunan at kultural na buhay na karaniwang tumatagal ng 2 hanggang 3 oras. Ang isang imbitasyon na dumalo sa isang seremonya ng kape ay itinuturing na isang pagpapakita ng pagkakaibigan o paggalang at isang halimbawa ng mabuting pakikitungo sa Ethiopia. Pinakamahalaga, ang seremonya ng kape ay itinuturing na terapeutika at ang pinakamahusay na paraan upang makihalubilo dahil nagtitipon-tipon ang mga tao upang makipag-usap at makibalita sa buhay.









## UPDATE SA KOMITE NG PAGPAPAYO SA PROVIDER

Umiiral ang Provider Advisory Committee (PAC) upang magbigay ng payo, patnubay, rekomendasyon, at teknikal na tulong sa Regional Center at sa Lupon sa mga isyu na nakakaapekto sa komunidad ng provider. Gumagana rin ang PAC upang suportahan ang mga kasalukuyang provider at bumuo ng mga opsyon sa serbisyo ng kalidad sa aming rehiyon. Ang ilan sa mga item na kasalukuyang ginagawa namin ay kinabibilangan ng:

- Paglipat mula sa Alternatibong Serbisyo
- Paglutas ng problema ng mga isyu sa workforce
- Pag-aaral ng Rate: pagpapabilis ng pagpapatupad; pagtugon sa mga isyu sa mga rate ng Suporadong Pamumuhay at Malayang Pamumuhay

*Pag-isipan ang Pagsali sa Komite ng Tagapayo ng Provider*

Ang PAC ay naghahanap ng mga bagong miyembro! Lahat ng mga provider ay iniimbitahan na pag-isipan ang pagsali sa PAC. Upang pinakamahusay na kumatawan sa aming buong network ng provider ng ACRC, ang PAC ay partikular na interesado sa pagdaragdag ng mga provider na nagbibigay ng mga sumusunod na serbisyo: mga espesyal na serbisyo (PT, OT, ABA, Speech, atbp.), maagang interbensyon o mga serbisyo sa mga bata, mga serbisyo sa tirahan, at mga serbisyo sa pagtulong sa maybahay o personal na tulong. Naghahanap din kami ng representasyon mula sa lahat ng 10 mga county ng ACRC. Ang mga provider na interesado ay dapat sumali sa amin sa aming mga buwanang pagpupulong ng PAC sa ikalawang Huwebes ng buwan mula alas 9:30 nu - 11:30 nu. Ang mga kalahok ay maaaring sumali sa amin online o sa-personal sa Brenda Smith Conference Room. Ang mga provider na dumalo sa 7 o higit pang mga pulong ay karapat-dapat na mag-aplay para sa pormal na PAC Membership. Maaari kang matuto nang higit pa tungkol sa PAC online sa https://www.altaregional.org/provider-advisory-committee-pac. Maaari ka ring makipag-ugnayan sa PAC Outreach Committee Chair, Eric Ciampa, sa eciampa@ucpsacto.org para sa mga karagdagang tanong.

## ACRC SA MGA NUMERO

***Alam mo ba na ang ACRC ay lumalaki ng humigit-kumulang 1000 mga kliyente taun-taon?***

**Ito ang aming pinaglilingkuran simula noong Disyembre 8, 2022:**

Maagang Pagsisimula - 2311

Mga Kliyente ng Lanterman - 25,668

Kabuuan = 27,979

## ARAW NI SANTA 2022









## TAMPOK NA ARTISAN PROFILE – MATTHEW DUFF-KELLY BOMB'OS

## Hot Chocolate at Hot Cherry Bombs






Ang pangalan ko ay Matthew Duff - Kelly. Sinimulan ko ang Bomb'os noong Disyembre ng 2020. Sinimulan ko ang negosyong ito bilang isang paraan upang makakuha ng karanasan sa pagsisimula at pagpapanatili ng isang negosyo. Ang layunin ko ay pinansyal akong masuportahan ng aking negosyo. Nagbebenta ako ng Holiday Themed Desserts at nag-cater sa isang bomb sensation.

Ang aming layunin bilang isang kumpanya ay maiba sa karaniwan at lumikha ng mga panghimagas na masarap at hindi malilimutan. Ang layunin namin ay buksan ang kaisipan ng mga tao sa mga bagong masarap na pagkain na pinalamutian depende sa Holiday.

Talaan ng mga Putahe:
Hot Coco Bombs - Homemade Hot Coco Mix, Tooth Fairy Meltable Chocolates Hot Cherry Bombs - Oreo Cookies, Cream Cheese, Maraschino Cherries, Tooth Fairy Meltable Chocolates

**Paano namin mabibili ang iyong gawa?** Mag-email kay Matt mduffkelly@yahoo.com
Instagram @bombosbusiness